LINGGO NG PANANALANGIN, PAG-AAYUNO, AT PAGTATALAGA 2025

# *The* CROSS

## ANG KRUS AT ANG KAHULUGAN NITO SA NALILIGAW NA SANGKATAUHAN



# The CROSS

ANG KRUS AT ANG KAHULUGAN NITO SA NALILIGAW
NA SANGKATAUHAN

EVERY NATION

EVERY NATION

© 2025 ng Every Nation Churches & Ministries.

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.
Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Pastor Sonny Oaman, Ian Susi

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.
Ang lahat ng mga binanggit na himno ay isinalin sa Filipino.
Ang lahat ng sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa
Ang Salita ng Dios (ASND), Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

**EveryNation.org/Fasting** **#ENFast2025**

# *The* CROSS

## MGA NILALAMAN


Paghahanda para sa Pag-aayuno .......... 2

Ang Aking Plano .......... 5

Panimula: Kapatawaran .......... 15

Unang Araw: Paraiso .......... 20

Ikalawang Araw: Pamilya .......... 24

Ikatlong Araw: Paghatol .......... 29

Ikaapat na Araw: Pagiging Tao .......... 34

Ikalimang Araw: Pagtatapos .......... 39

Pagwawakas: Katiyakan .......... 44

# PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO

## BAKIT KAILANGANG MAG-AYUNO?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sinisimulan ng mga iglesya at mga *campus ministry* ng Every Nation ang bawat taon sa limang araw na pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> [1]Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. [2]Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya. MATEO 4:1–2

> Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. LUCAS 4:14

Alam ni Jesus na kakailanganin Niya ng espirituwal na kalakasan para matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay nagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian. EZRA 8:21

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, maaari nating matanggap ang sagot ng Diyos sa ating mga panalangin.

### Ang pag-aayuno ay nakakatulong para tayo ay maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, “Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila.” MGA GAWA 13:2

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga natural nating hinahangad at mga makamundong libangan, mas nagiging sensitibo tayo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating atensyon at magpasakop sa kagustuhan Niya.

### Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> Muling itatayo ng inyong mga lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng kanilang mga gibang pader at mga bahay. ISAIAS 58:12

Makikita sa kasaysayan na bilang sagot sa panalangin at pag-aayuno, ibinigay ng Diyos sa iba't ibang mga bansa ang pagbangon at kaligtasan mula sa pagkawasak. Nakakatulong sa atin ang pag-aayuno para maging masigasig tayo sa pananalangin at intersesyon.

### Ang pag-aayuno ay nakakabuti sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksyon.

## PAGPAPLANO NG IYONG PAG-AAYUNO

> Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng PANGINOON ang mga kamangha-manghang bagay." JOSUE 3:5

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga pahina 8–9, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa mga pahina 5–6. Hilingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Kumilos**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at ang pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 6.

**PAALALA:** *Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.*

## HABANG NAG-AAYUNO

> Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" MATEO 4:4

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## PAGHINTO SA PAG-AAYUNO

> [14]At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay
> niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. [15]At kung alam
> nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin
> sa kanya. 1 JUAN 5:14–15

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, at salad, at saka magdagdag ng mga gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Ipamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# ANG AKING PLANO

## UNANG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKALAWANG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKATLONG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKAAPAT NA ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKALIMANG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

> "Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit." MATEO 18:19

**Kasama Ko sa Pananalangin:**

# NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS PARA SA . . .

## Mga Nasagot na Panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2024.

# NGAYONG 2025, PIPILIIN KONG KILALANIN ANG DIYOS AT MAGTITIWALA AKO SA KANYA SA MGA BAHAGING ITO:

### Mga Personal Kong Faith Goal

Espirituwal na Pagbabago • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay . . .

### Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan . . .

### Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon o Tungkulin . . .

### Aking Paglilingkod

Paglago ng *Small Group* • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral . . .

# NANGANGAKO AKONG IPAPANALANGIN KO SINA . . .

Pangalan (Mga) Ipinapanalangin

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN AKO PARA SA . . .

## Aking Iglesya

Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo . . .

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya . . .

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan . . .

# MISSION 2029

Isang global na estratehiya ng pagtatatag ng mga iglesyang pupunta sa mga campus sa karagdagang 20 na mga bansa hanggang sa taong 2029.

## ANG MGA BILANG

**Hanggang Oktubre 2024*

**195**

Kinikilala ng United Nations ang 195 na mga miyembrong bansa.

**3**

Noong 1994, nagsimula ang Every Nation sa 20 na iglesya sa 3 na mga bayan.

**81**

Ang Every Nation ay kasalukuyang may iglesya sa 81* na mga bansa.

**20**

Naniniwala tayong magkakaroon ng 20 na karagdagang mga bayan hanggang sa taong 2029.

*Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo,*
*at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo.*

SALMO 2:8

## IPANALANGIN NA ANG:

**Mga lokal na iglesya** ay maging apostoliko at magpadala ng mga misyonaryo at mga magtatatag ng iglesya sa mga bayang wala pang iglesya ng Every Nation.

**Mga estudyante mula sa ibang bansa** ay maabot ng ebanghelyo, maturuan at mabigyan ng kakayahang mamuno, at maibalik sa kanilang mga bayan para magtatag ng mga iglesyang pupunta sa iba't ibang mga campus.

**Mga inisyatibo sa iba't ibang rehiyon** ay maging daan para sa ugnayan at kalakasan ng mga ginagawa ng mga lokal na iglesya para sa pagtatatag ng mga iglesyang pupunta sa iba't ibang mga campus.

ADISYONAL NA KAALAMAN TUNGKOL SA MISSION 2029

*everynation.org/mission2029*

# IPANALANGIN NA MAS MARAMI PANG MGA IGLESYA ANG MAITATAG.

*[37]Kaya sinabi niya sa mga tagasunod niya, "Marami ang aanihin, pero kakaunti ang tagapag-ani. [38]Kaya idalangin ninyo sa PANGINOON, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."*
Mateo 9:37–38

***Hanggang noong Oktubre 2024, may aktibong *outreach* sa mga bansang ito.**

Afghanistan
Albania
Algeria
Andorra
Angola
Antigua and Barbuda
Argentina
Azerbaijan
Bahamas
Barbados
Belarus
Belize
Bosnia and Herzegovina
Brazil
Bulgaria
Burkina Faso
Cabo Verde
Cameroon
Central African Republic
Chad
Chile
Comoros
Congo
Cuba
Cyprus
Democratic Republic of the Congo
Denmark
Djibouti
Dominica
Ecuador
Egypt*
El Salvador
Equatorial Guinea
Eritrea
Estonia
Ethiopia
Finland
Gambia
Georgia
Greece
Grenada
Guatemala
Guinea
Guinea-Bissau
Guyana
Haiti
Honduras
Hungary
Iceland*
Iraq
Israel
Italy

Jamaica
Kenya
Kiribati
Latvia
Lebanon
Lesotho
Libya
Liechtenstein
Lithuania
Luxembourg
Macedonia
Madagascar*
Maldives*
Mali
Malta
Marshall Islands
Mauritania
Micronesia
Moldova
Monaco
Montenegro
Morocco*
Mozambique*
Nauru
Nicaragua
Niger
North Korea
Norway
Palau
Palestine
Paraguay
Russia
Rwanda
Saint Kitts and Nevis
Saint Lucia
Saint Vincent and the Grenadines
Samoa
San Marino
Sao Tome and Principe
Senegal
Serbia
Seychelles
Sierra Leone
Slovakia
Slovenia
Solomon Islands
Somalia
South Sudan
Sudan
Suriname
Switzerland*
Syria
Tanzania
Tonga*
Trinidad and Tobago
Tunisia
Turkmenistan
Tuvalu
Uruguay
Vanuatu
Vatican City
Yemen

PANIMULA

# *"Ama, patawarin mo sila."*

## KAPATAWARAN

Ipinapakita ng pagpapatawad ni Cristo sa mga nagpahirap sa Kanya ang kagustuhan ng Diyos na patawarin ang lahat.

**Lucas 23:33–34**

33Pagdating nila sa lugar na tinatawag na "Bungo," ipinako nila sa krus si Jesus
at ang dalawang kriminal, ang isa ay sa kanan ni Jesus at ang isa ay sa kaliwa.
34[Sinabi ni Jesus, "Ama, patawarin mo sila dahil hindi nila nalalaman ang
kanilang ginagawa."] Nagpalabunutan ang mga sundalo para paghahati-hatian
ang mga damit ni Jesus.

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Isaias 53:10–12; Mateo 5:43–45; 27:33–44; Mga Gawa 7:59–60

Nakapako si Jesus sa krus at nakatingin sa mga taong gusto Niyang iligtas. Nanonood ang maraming tao, nagsusugal ang mga sundalo, nangungutya ang mga pinuno, at si Jesus ay dahan-dahang namamatay. Napakagulo ng sitwasyon, ngunit sa gitna nito ay may nagaganap na sobrang busilak—kapatawaran. Sa gitna ng Kanyang paghihirap, tumingin sa kanila si Jesus at nagsabing, "Ama, patawarin mo sila dahil hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."

Malawak ang sakop ng salitang "sila." Sino ang mga kabilang dito? Kasama dito ang brutal at walang-pusong mga sundalo na nag-agawan sa mga damit Niya, na kumakatawan sa kapangyarihan ng mga Romano. Kasama dito ang mga nangungutyang pinuno ng mga Judio na nagsabwatan laban sa Kanya at nagpumilit na ipapatay Siya. At kasama rin dito ang madla na, ilang oras lamang ang nakaraan, ay hiningi ang Kanyang kamatayan. Ipinapaalala sa atin ng mga ginawa ng Judio at hindi Judio na malawak ang sakop ng pagpapatawad ni Jesus, at naaabot nito ang mga taong malapit sa Kanya at maging ang mga taong malayo sa Kanya.

". . . dahil hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Isipin ang isang makasalanang bagay na sinabi o ginawa mo nang hindi iniisip ang magiging pinsala nito. May isang iskolar na nagsabing, "Ang *guilt* (o ang nagsisilbing 'patunay' ng kasalanan) ay maaaring mabawasan ng kamangmangan, pero hindi ito mawawala." Ang kapatawaran ni Jesus ay hindi lamang para sa mga naroon noong mga oras na iyon. Sinabi ng propetang si Isaias na si Jesus ay

"hinamak at itinakwil ng mga tao" (Isaias 53:3). Sa krus, kabilang tayo sa salitang "sila." Ito ang nasa puso ng mga salita ni Jesus. Nauunawaan Niya na tayo ay makasalanan at pumagitan Siya para sa atin sa pananalangin at pagsasakripisyo. Kinuha Niya ang kaparusahang para sa atin at ibinigay Niya ang Kanyang sarili bilang natatanging daan pabalik sa Diyos. Sa krus, ibinalik tayo ni Jesus sa Ama.

Ipinapakita ng himno ng mga Metodista na *"Forgive Our Sins As We Forgive"* ang kapangyarihan ng kapatawarang ibinibigay ni Jesus. Narito ang pagsasalin ng himno sa Filipino:

Patawarin Mo ang Aming mga Kasalanan Habang Kami ay Nagpapatawad

*Paano maaabot ng Inyong kapatawaran at pagpapala ang pusong hindi nagpapatawad*
*Na nakatuon sa mga pagkakamali at hindi bumibitiw sa pait at pighati?*
*Sa nagniningning na liwanag ng Inyong krus makikita ang katotohanan*
*Na ang utang ng iba sa amin ay napakaliit; napakalaki ng utang namin sa Inyo!*

*Awit para sa Araw na Ito*

**FOREVER FOUND**

VICTORY WORSHIP

## PAG-ISIPAN

Inilarawan si Jesus sa Isaias 53:3 bilang "hinamak at itinakwil ng mga tao." Paano naapektuhan ng masakripisyong pagpapatawad ni Cristo ang tugon mo sa mga taong may ginawang mali sa iyo o sa mga nagawan mo ng pagkakamali?

## GAWIN

Hilingin sa Banal na Espiritu na ipakita sa iyo kung sino ang hindi mo pa napapatawad. Alamin kung paano mo maaayos ang sitwasyong ito.



*Ama sa langit,*

*Naaalala namin ang sakripisyo ni Jesus sa krus, kung saan sinabi Niya, "Ama, patawarin mo sila dahil hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Nauunawaan namin na kasali kami sa salitang "sila" at kasama ang kasalanan namin sa dahilan kung bakit Siya nagdusa. Maraming salamat sa napakalawak na kapatawarang ibinibigay sa amin ni Jesus. Buksan po Ninyo ang aming mga mata para makita namin ang kapahamakang maaaring maidulot ng mga kilos namin at bigyan Ninyo kami ng kakayahang humingi at magbigay din ng kapatawaran.*

*Alam namin ang napakalaki naming utang sa Inyo at kung gaano kaliit ang sama ng loob namin sa ibang tao kung ihahambing dito. Sa ilalim ng liwanag ng krus, nakikita namin na kailangan namin ang Inyong kabutihan at tinawag Ninyo kami na magpakita rin ng kabutihan sa iba.*

*Sa ngalan ni Jesus, Amen.*

# 1

# *"Ngayon din ay makakasama kita sa Paraiso."*

## PARAISO

Ipinapakita ng pagpapatawad ni Cristo sa nagsising magnanakaw ang Kanyang hangaring magbigay sa lahat ng buhay na walang hanggan.

**Lucas 23:39–43**

39 Ininsulto rin si Jesus ng isa sa mga kriminal sa tabi niya, "Hindi ba ikaw ang Cristo?
Iligtas mo ang sarili mo, pati na kami!" 40 Pero sinaway siya ng isa pang kriminal
na nakapako, "Hindi ka ba natatakot sa Diyos? Ikaw man ay pinaparusahan din
ng kamatayan. 41 Dapat lang na parusahan tayo ng kamatayan dahil sa mga ginawa
nating kasalanan, pero ang taong ito'y walang ginawang masama!" 42 Pagkatapos
ay sinabi niya, "Jesus, alalahanin n'yo ako kapag naghahari na kayo." 43 Sumagot si
Jesus, "Sasabihin ko sa iyo ang totoo, ngayon din ay makakasama kita sa Paraiso."

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Marcos 15:27–32; Juan 10:28–30; Mga Taga-Roma 6:20–23; 1 Juan 5:11–13

Habang nakabitin sa pagitan ng buhay at kamatayan, ininsulto ng isang kriminal si Jesus. Ngunit sinabi ni Mateo na sa isang pagkakataon, ininsulto si Jesus ng dalawang kriminal na kasabay Niyang nakapako sa krus (Mateo 27:44). May isang bagay na nagpabago sa puso ng nagsising magnanakaw. Anong himala ang nagpalambot sa matigas niyang puso? Marahil ay noong tiningnan niya si Jesus sa mata at narinig niya ang Kanyang dasal, "Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Nakita ng nagsising magnanakaw ang lalim ng kanyang kasalanan. "Tinatanggap natin ang nararapat na parusa sa ating mga nagawa." Kinilala niya ang pagiging walang kasalanan ng Tagapagligtas. "Ang taong ito ay walang ginawang masama." Ipinahayag niya na si Jesus ay kanyang Panginoon, na nagpapakitang kinilala niya si Jesus bilang Hari sa kaharian ng langit.

Ang bunga nito ay buhay na walang hanggan. "Ngayon ay makakasama kita sa Paraiso." Ang paraiso ay mula sa salitang Persyano na sumisimbolo sa isang maganda at masayang lugar. Ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos ay agad na nagbigay sa isang kriminal ng lugar sa paraiso. Ito pa rin ang ginagawa ng biyaya ng Diyos sa sinumang makasalanan na magsisisi. Narito ang pagsasalin sa Filipino ng himno na isinulat ni William Cowper:

*May isang bukal na puno ng dugo*
*Na dumaloy mula sa mga ugat ni Emmanuel*
*Ang mga makasalanang lumubog sa dala nitong pagbaha*
*Ang lahat ng dungis ng kanilang kasalanan ay agad na nawala*

*Nagalak ang naghihingalong magnanakaw nang kanyang makita*
*Ang bukal na iyon sa kapanahunan niya*
*At doon, ako nawa, na kasing-sama rin niya*
*Ay mahugasan mula sa lahat ng aking pagkakasala!*

*Awit para sa Araw na Ito*
**GOLDEN STREETS**
EVERY NATION MUSIC

## PAG-ISIPAN

Ipinahayag ng magnanakaw na si Jesus ay Panginoon at tinanggap niya ang Kanyang kaharian. Pag-isipan ang sarili mong pagpapahayag ng iyong pananampalataya. Paano mo napatutunayan araw-araw na si Jesus ay Panginoon sa buhay mo? Ano ang mga bahagi ng iyong buhay na kailangan mong isuko kay Jesus bilang Panginoon ng buhay mo?

## GAWIN

Pag-isipan ang sinasabi sa Lucas 23:39–43 at sa mga karagdagang babasahin (Marcos 15:27–32; Juan 10:28–30; Mga Taga-Roma 6:20–23; 1 Juan 5:11–13). Pagkatapos magbasa, manalangin at hilingin sa Diyos na tulungan kang maisapuso ang katotohanan tungkol sa pagsisisi, biyaya ng Diyos, at buhay na walang hanggan.



*Ama sa langit,*

*Kami ay nagpapakumbaba tulad ng nagsising magnanakaw na nakatanggap ng kapatawaran sa kanyang huling mga sandali. Nakikita namin ang aming sarili sa magnanakaw na iyon at nauunawaan namin na dapat din naming pagbayaran ang mga mali naming ginawa. At tulad niya, kami ay tumitingin kay Jesus at sa Kanyang biyaya.*

*Kami ay namamangha sa biyaya na nagbigay ng paraiso sa isang nagsising makasalanan, na nagpapakita ng kagustuhan Ninyo na ipagkaloob ang buhay na walang hanggan sa lahat ng lumalapit sa Inyo. Tulad ng pagkilala ng magnanakaw sa Inyong kaharian, ipinapahayag namin na si Jesus ang aming Panginoon at Tagapagligtas.*

*Maraming salamat sa kapatawaran at bagong buhay na nagmumula sa sakripisyo ni Jesus. Hinuhugasan ng Kanyang dugo ang lahat ng aming mga kasalanan, at dahil dito, kami ay naging karapat-dapat para sa paraiso.*

*Natatagpuan namin ang aming pag-asa sa pangako ng buhay na walang hanggan kasama Ninyo.*

*Sa ngalan ni Jesus, Amen.*

## 2

# *“Babae, ituring mo siyang anak.”*

### PAMILYA

Ang ugnayang ipinagkaloob ni Cristo sa Kanyang ina ay nagpapakita ng bagong komunidad na nilikha ng krus.

**Juan 19:25–27**

> 25Nakatayo malapit sa krus ni Jesus ang kanyang ina, ang kapatid ng kanyang ina, si Maria na asawa ni Clopas, at si Maria na taga-Magdala. 26Nang makita ni Jesus ang kanyang ina na nakatayo roon katabi ng minamahal niyang tagasunod, sinabi niya, “Babae, ituring mo siyang anak.” 27At sinabi naman niya sa tagasunod niya, “Ituring mo siyang ina.” Mula noon, tumira na ang ina ni Jesus sa tahanan ng tagasunod na ito.

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Juan 1:11–13; 13:34–35; Mga Taga-Efeso 2:14–16; Mga Taga-Colosas 3:11–15

**Pamilya. Lahat tayo ay mayroon nito.**

Si Jesus, ang Diyos na nagkatawang-tao, ay nagkaroon din ng isang pamilya dito sa lupa na tinawag Niyang Kanya. Kaunti lang ang mga detalyeng ibinigay ng Banal na Kasulatan tungkol sa Kanyang kabataan, ngunit alam natin na Siya ay ganap na tao at naranasan Niya ang mga bagay na nararanasan ng mga batang Judio noong unang siglo. Tulad ng ibang batang lalaki na nakikisalamuha sa kanyang mga kaibigan, maaari nating isipin na si Jesus ay nag-uukit din ng kahoy, nakiki-pagbuno, at nag-eeksplora. Alam Niya ang kahalagahan ng lingguhang hapunan tuwing Araw ng Pamamahinga o Sabbath, ang mga tradisyon ng taunang pista, at ang pakiramdam ng pagiging bahagi ng lahing Judio.

**Pamilya. Bigay ito ng Diyos.**

Si Jesus ay lumaki at naging ganap na lalaki. Bilang pagsunod sa Ama, Siya ay ipinako sa krus. Si Maria at Juan ay nakatayo sa paanan Niya. Tumatakbo ang oras. Papalapit na ang Kanyang kamatayan, nagbanggit si Jesus ng dalawang nakakagulat na mga pahayag. Sa nalalapit na pagbalot ng katahimikan, sa sandaling iyon, marahil sina Maria at Juan ay nagsikap na marinig Siya sa gitna ng ingay. Ano ang sinabi Niya? Sa Kanyang mga huling salita sa Kanyang ina at sa Kanyang minamahal na disipulo bago Siya pumanaw, pinalawak Niya ang kahulugan ng pamilya upang isama ang espirituwal na pamilya—para sa mga tumatawag sa Kanya bilang Panginoon.

Kakaiba ito! Nang hindi binabawasan ang halaga ng ating mga pisikal na pamilya, ibinigay Niya sa atin ang kailangan natin para mamuhay sa isang nasirang mundo bilang mga tagasunod Niya. Sila ang mga di-perpektong kalalakihan at kababaihan na magsasabi ng katotohanan sa atin, maninindigan kasama natin sa pananampalataya, magbibigay ng lakas ng loob sa atin, at iiyak kasama natin. Isang komunidad na kasama natin sa pagdanas ng Kanyang pagmamahal at pagtatatag ng Kanyang kaharian, gamit ang biyaya at mga kaloob na ibinigay ng Ama sa atin.

**Sama-sama. Espritwal na Pamilya. Bigay ng Diyos.**
Isinalarawan ng manunulat na si John Fawcett ang kalakasan ng komunidad na sama-sama nating nararanasan sa kanyang himno na *"Blest Be the Tie That Binds."* Narito ang pagsasalin ng himno sa Filipino:

Pinagpala ang mga Ugnayang Nagbubuklod

*Magkakasama sa pagdadalamhati*
*Sa pagbuhat ng ating mga pasanin*
*Sa tuwina, sa bawat isa'y dumadaloy*
*Ang nakikiramay na panaghoy*

*Awit para sa Araw na Ito*
THIS IS YOUR CHURCH
EVERY NATION ROSEBANK WORSHIP

## PAG-ISIPAN

Pinalawak ni Jesus ang konsepto ng pamilya upang isama ang mga espirituwal nating ugnayan nang hindi nababawasan ang halaga ng mga likas nating ugnayan sa pamilya. Sa anong mga paraan ka nahihirapan o nabibigyang-kasiyahan sa pagbabalanse ng mga tungkulin mo sa iyong pisikal at espirituwal na pamilya? Paano mo pagbubutihin ang pag-aalaga sa mga pamilyang ito?

## GAWIN

Maghanap sa espirituwal na pamilya mo ng nangangailangan ng suporta. Maglaan ng oras para sa kanya, mag-alok ng tulong, at manalangin kasama niya at para sa kanya.



*Ama sa langit,*

*Maraming salamat sa ipinagkaloob Ninyong pamilya. Kami ay lubos na nagpapasalamat sa pisikal na pamilyang ibinigay Ninyo sa amin, sa pagmamahal at suporta na ibinibigay nila. Nagpapasalamat din kami sa espirituwal na pamilya at komunidad ng mga mananampalataya na inilagay Ninyo sa buhay namin. Tulungan po Ninyo kami na pahalagahan at alagaan ang mga ugnayang ito, na kinikilala namin bilang kaloob Ninyo sa amin upang kami ay patuloy na mamuhay nang tapat dito sa mundo.*

*Ipinakita sa amin ni Jesus ang kahalagahan ng pag-aalaga sa bawat isa, hanggang sa Kanyang mga huling sandali dito sa lupa. Turuan po Ninyo kaming palawakin ang aming pagmamahal at pag-aalaga, hindi lamang sa mga taong pinakamalapit sa amin, kundi pati na rin sa lahat ng bahagi ng aming espirituwal na pamilya. Sana ay maging mabilis kami sa pagbibigay ng suporta at kalakasan ng loob, at patuloy kaming manindigan nang sama-sama, na ayon sa kagustuhan Ninyo.*

*Sa ngalan ni Jesus, Amen.*

# 3

# *“Bakit mo ako pinabayaan?”*

## PAGHATOL

Ipinapakita ng pag-abanduna ng Ama sa Kanyang Anak ang kalagiman ng kasalanan, pangangailangan ng paghatol, at habag ng Diyos.

**Marcos 15:34**

> Nang mag-alas tres na ng hapon, sumigaw si Jesus nang malakas, “Eloi, Eloi, lema sabachtani?” na ang ibig sabihin ay “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?”

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Salmo 103:8–10; Panaghoy 3:31–33; Micas 7:18–19; Tito 3:3–7

Si Martin Luther ay minsan nang naglaan ng mahabang oras na walang kakibu-kibo, habang malalim na pinag-iisipan ang mga salitang ito. Akala ng mga nagmamasid ay nawalan na siya ng ulirat dahil hindi siya kumakain o umiinom. Lumabas din siya at nagsabing, "Tinalikuran ng Diyos ang Diyos! Walang sinumang tao ang makakaintindi nito."

Hindi natin kailanman maiintindihan ang masakit na pag-iyak ni Cristo sa krus. Sa oras na iyon, pinagdusahan ng Isang walang kasalanan ang kalagiman ng kasalanan. Ang iyak na ito ay tunog na dala ng pagbibigay ng ganap na kabayaran sa kasalanan. Hindi mauubos hanggang sa walang hanggan ang kwento tungkol sa kung ano ang tiniis ni Jesus sa madilim na mga oras sa krus ng Kalbaryo.

Sa buong Kasulatan, sa krus inihayag ang pinakamarahas at misteryosong pagbuhos ng galit ng Diyos. Inabanduna ng Diyos ang Kanyang Anak upang mapunan ang mga hinihingi ng hustisya. Pinasan ni Jesus ang buong sukat ng banal na poot laban sa makasalanang mundo nang "Siya ang pinarusahan ng Panginoon ng parusang dapat sana ay para sa ating lahat." Binaba ng Ama ang hatol sa Golgota upang pakawalan ang Kanyang galit hindi laban sa mga makasalanan kundi laban sa Pumasan ng kasalanan.

Kapag ibinababa na ng hukom ang pasya nito sa isang kriminal na may kasalanan, ang ibinibigay nito ay hustisya o habag; hindi niya maibibigay nang magkasabay ang dalawang ito. Ngunit nang inihatid ng Diyos ang Kanyang hatol laban sa sangkatauhang may-sala, ang hustisya at habag ay nagtagpo at ganap na naging isa. Ang ibinayad na kabayaran para sa kasalanan ay nagpatibay sa hustisya ng Diyos, at ang binayarang pagpapatawad sa atin ay nagpakita ng Kanyang habag.

Ipinahayag sa himno ni Isaac Watts ang paghangang nararamdaman natin kapag iniisip natin si Jesus sa krus. Narito ang pagsasalin ng himno sa Filipino:

*Naku! at dumugo nga ba ang aking Tagapagligtas*
*At namatay nga ba ang aking Pinakadakila*
*Ilalaan ba Niya ang banal na ulo*
*Para sa makasalanang tulad ko?*

*Para ba ito sa mga pagkakamali na aking nagawa*
*Na naghinagpis Siya doon sa puno?*
*Nakamamanghang pagkaawa, kagandahang-loob na hindi batid*
*At pagmamahal na higit pa sa anumang antas!*

*Awit para sa Araw na Ito*
**COME TO JESUS**
EVERY NATION MUSIC

## PAG-ISIPAN

Pag-isipan kung paano ipinapakita ng krus ang hustisya at habag ng Diyos. Paano nito naapektuhan ang pananaw mo sa katangian ng Diyos at sa mga ginagawa Niya sa buhay mo?

## GAWIN

Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataong ibahagi ang iyong testimonya sa ibang tao nang binibigyang diin ang habag na ipinakita ng Diyos sa buhay mo.



*Ama sa langit,*

*Lumalapit kami sa Inyo nang may pagkamangha at pasasalamat para sa pag-aalay ni Jesus sa krus. Ang pagsabi Niya ng, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" ay nagpapaalala sa amin ng kalagiman ng kasalanan at pangangailangan ng paghatol. Hindi namin lubos na maiintindihan ang lalim ng pagtitiis ni Cristo o ang bigat ng banal na pagkasuklam na pinasan Niya para sa amin.*

*Maraming salamat sa habag na ipinakita Ninyo sa pamamagitan ni Jesus, na nagpasan ng parusang para sa amin at nagbigay sa amin ng kapatawaran at buhay na walang hanggan. Turuan po Ninyo kami na magpakita rin ng ganitong habag sa kapwa namin.*

*Sa ngalan ni Jesus, Amen.*

# 4

# *“Nauuhaw Ako.”*

## PAGIGING TAO

Ipinapahayag ng pagkauhaw ng katawang-lupa ni Cristo ang ganap Niyang pagiging tao at ang kahalagahan nito sa ating kaligtasan.

**Juan 19:28–29**

28 Alam ni Jesus na tapos na ang misyon niya, at para matupad ang nakasulat sa Kasulatan, sinabi niya, “Nauuhaw ako.” 29 May isang banga roon na puno ng maasim na alak. Isinawsaw ng mga sundalo ang isang espongha sa alak, ikinabit sa sanga ng isopo at inilapit sa bibig ni Jesus.

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Mga Taga-Roma 8:3–4; Mga Taga-Filipos 2:6–11; 1 Timoteo 2:5–6; Mga Hebreo 2:14

Bawat taon sa mga nagdaang henerasyon, nag-aalay ng mga hayop ang mga Israelita para sa kanilang mga kasalanan. Probisyon ito ng Diyos kung naniniwala sila sa paparating na inosenteng kapalit. Ngunit karamihan sa mga Israelita ay mas nagtitiwala sa ginagawa nilang pag-aalay. Parang benda lamang ito sa nabaling buto. Ang kailangan ng Israel (at sangkatauhan) para gumaling ang naidulot ng kasalanan ay ang perpektong kapalit na alay—isang taong walang kasalanan. Ang tanging perpekto at walang-salang tao na nabuhay ay si Jesus.

Inilalarawan Siya ni Juan bilang "ang Salita na nagkatawang-tao." Ang ating banal na Diyos ay bumaba sa sangkatauhan habang nananatili ang Kanyang pagka-Diyos. Sa kabuuan ng Ebanghelyo, naranasan ni Jesus ang pagiging tao nang hindi kailanman nagkasala. Apatnapung araw ng pag-aayuno ang nagpagutom sa Kanya (Mateo 4:2). Nakatulog Siya sa bangka dahil napagod Siya sa isang mahabang araw ng paglilingkod (Mateo 8:24). Umiyak Siya sa puntod ng Kanyang kaibigan na si Lazarus (Juan 11:35). At dito sa krus, Siya ay naghingalo, nabugbog, at nauhaw.

Si Jesus ay ganap na Diyos at ganap na tao, hindi kailanman naging sobra ang isa sa isa, kaya't Siya ang perpektong alay magpakailanman. Habang Siya, na walang kasalanan, ay nakapako sa krus para sa ating kapatawaran, makikita natin Siya bilang ating perpektong punong pari na nakakaintindi sa atin nang sabihin Niya na "nauuhaw ako." Ang Kanyang sakripisyo ay higit pa sa isang benda—ito ay pagtubos.

Dahil sa pagiging tao ni Cristo, napunan Niya ang lahat ng hinihingi sa sakripisyong kailangan upang matubos tayo nang lubusan. Sana ay lumakas ang loob natin, dahil ganap Niyang hinihilom ang ating pagkasira dahil sa kasalanan, hindi lang isang beses kundi habambuhay.

Narito ang pagsasalin ng isang himno sa Filipino:

*Para sa makasalanan, Ikaw ay kagandahang-loob*
*At ang mga nawasak ay niyakap Mo*
*At sa huli, ang patotoo ay nasa Iyong mga sugat*
*Dugo at luha*
*Paano ito nangyari?*
*May isang Diyos na tumatangis*
*May isang Diyos na nagdurugo*

*"Son of Suffering"*
(isinulat nina David Funk, Aaron Moses, Matt Redman, at Nate Moore)

*Awit para sa Araw na Ito*
**YOU GAVE IT ALL**
EVERY NATION MUSIC

## PAG-ISIPAN

Ano ang kahalagahan nang pagsabi ni Jesus ng "nauuhaw ako" sa krus? Bakit mahalaga para sa kaligtasan natin ang pagdanas ni Jesus sa lahat ng pangangailangan at paghihirap ng tao?

## GAWIN

Hilingin kay Jesus na bigyan ka ng pusong may habag para sa ibang tao. Maghanap ng pagkakataong makapagsilbi ka sa isang taong nangangailangan o nahihirapan sa iyong komunidad.



*Ama sa langit,*

*Sa tuwing naririnig namin ang mga salitang "nauuhaw ako" na binigkas sa krus, naaalala namin na naranasan ng aming Tagapagligtas ang sukdulan ng paghihirap at pangangailangan ng tao. Maraming salamat sa pagpapadala Ninyo kay Jesus upang maranasan Niya ang ganap na pagiging tao.*

*Nagpapasalamat kami para sa perpektong pag-aalay ni Jesus, na kumuha ng aming mga kasalanan at nagbigay sa amin ng kagalingan mula sa pagkasira dahil sa kasalanan. Ang pagiging tao Niya ay nagpapahintulot sa Kanya na maintindihan ang aming mga paghihirap at mamagitan para sa amin. Tulungan po Ninyo kami na mamuhay nang may pasasalamat at maipaabot ang Inyong habag sa iba, na ipinapakita ng pagmamahal ni Jesus.*

*Sa ngalan ni Jesus, Amen.*

# 5

# *“Tapos na.”*

## PAGTATAPOS

Ipinapakita ng mga salita ni Cristo na ganap Niyang nakamit ang ating kaligtasan, at wala na tayong maidaragdag pa.

**Juan 19:30**

> Nang masipsip na ni Jesus ang alak, sinabi niya, “Tapos na!” Iniyuko niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga.

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Mga Taga-Efeso 2:8–9; Mga Taga-Colosas 2:13–14; Mga Hebreo 7:25; 10:12–14

"Tapos na"—isang pambihirang pahayag, lalo na sa isang mistulang sandali ng kahinaan at kahihiyan. Ngunit ano ang natapos? Buhay ni Jesus? Ang Kanyang gawain? Upang maintindihan kung ano ang natapos, kailangan nating tingnan ang simula.

Sa kwento ng paglikha sa Genesis 1–2, ginawa ng Diyos sina Adan at Eva ayon sa Kanyang imahe at inatasan silang pamahalaan ang mundo kasama Niya. Ngunit nag-iba ang kwento nang suwayin nila ang Diyos, at nakapasok ang kasalanan sa mundo.

Dahil sa orihinal na kasalanan, nahiwalay sa Diyos hindi lang sina Adan at Eva kundi ang buong sangkatauhan, at wala tayong magagawa upang ayusin ang pagkakahiwalay na ito. Tanging ang Diyos lamang ang may magagawa rito.

Alam ng Diyos na kakailanganin natin ang Kanyang awa at pagpapalaya sa kasalanan bago pa man Niya nilikha ang sansinukob. Sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, nagsimula Siyang magplano para iligtas tayo at ibalik sa tamang ugnayan sa Kanya. Ang planong ito, na isinagawa sa lahat ng mga tipan sa Lumang Tipan, ay humantong sa krus sa Bagong Tipan. Sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesu-Cristo, ang Kanyang Anak, naisakatuparan ito sa wakas.

Ang utang ng kasalanan—ang utang na kailanman ay hindi natin mababayaran—ay binayaran nang buo ng dugo ni Jesus, nang minsan at para sa lahat, sa krus. Oo, naisakatuparan ni Jesus ang Kanyang misyon sa mundo, at naibalik tayo sa Kanya.

Tila nagsasalungatan, ang "Tapos na" ay tanda ng simula ng bagong kasunduan. Sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa krus, nahanap natin ang pagpapatawad, pagtubos, at pakikipag-ayos sa Diyos. Sa kabila ng ating mga kasalanan at kamalian, ibinibigay sa atin ng Diyos ang pagiging matuwid ng Kanyang Anak. Mamuhay tayo araw-araw nang nananalig sa ating kaligtasan, dahil alam natin na wala na tayong madadagdag pa.

Narito ang pagsasalin ng isang himno sa Filipino:

*Tapos na! Namatay na ang Mesias*
*Nilagot para sa kasalanan, ngunit hindi Kanya*
*Naisakatuparan na ang pag-aalay*
*Ang dakilang pagliligtas ay tapos na*

*"'Tis Finished! The Messiah Dies"*
(Isinulat ni Charles Wesley)

*Awit para sa Araw na Ito*
**WORD FULFILLED**
FREEDOM CHURCH WORSHIP

## PAG-ISIPAN

Pag-isipan ang konsepto na binayaran na nang buo ni Jesus ang utang ng kasalanan sa krus. Paano mo isasabuhay ang pagkaunawa na ito sa iyong mga ugnayan at kilos?

## GAWIN

Isulat ang mga pangalan ng mga taong kilala mo na hindi pa tumatanggap kay Cristo bilang Panginoon. Ipanalangin sila, habang humihiling sa Diyos ng pagkakataon na maibahagi ang magandang balita ng ebanghelyo at kaligtasan sa kanila.



*Ama sa langit,*

*Maraming salamat po para sa ganap na ginawa ni Jesus sa krus. Noong sinabi Niyang "Tapos na," ang aming kaligtasan ay nakamit namin nang buo, at wala na kaming maidadagdag pa rito. Nagpapasalamat kami para sa Inyong planong pagligtas. Tulungan po Ninyo kaming mamuhay sa araw-araw nang may pananalig na may katiyakan ang kaligtasan namin sa Kanya.*

*Jesus, kami po ay napapakumbaba ng Inyong sakripisyo. Dinala Ninyo ang bigat ng aming mga kasalanan at binayaran ang utang na hindi namin kailanman mababayaran. Sa pamamagitan ng Inyong dugo, kami ay napatawad, nailigtas, at ginawang matuwid.*

*Sa Inyong ngalan, Amen.*

PAGWAWAKAS

# *"Sa Inyong mga kamay."*

## KATIYAKAN

Ipinapakita ng buong-pusong pagsuko ni Cristo sa Diyos na ang buhay ay nagpapatuloy pagkatapos ng kamatayan, at nagbibigay katiyakan ito sa ating kaligtasan.

**Lucas 23:44–46**

44–45 Nang mag-aalas dose na ng tanghali, nawala ang liwanag ng araw, at dumilim
sa buong lupain sa loob ng tatlong oras. At ang kurtina sa loob ng templo ay
nahati mula sa itaas hanggang sa ibaba. 46 Sumigaw nang malakas si Jesus, "Ama,
ipinagkakatiwala ko sa inyo ang aking espiritu!" At pagkasabi niya nito, nalagot
ang kanyang hininga.

**Mga Karagdagang Babasahin:**
Juan 14:1–3; Mga Taga-Roma 8:38–39; 1 Tesalonica 4:16–17; Pahayag 21:4

Ilang sandali bago ang Kanyang huling hininga, binanggit ni Jesus ang Salmo 31:5, isang salmo na ginagamit ng mga Judio bilang panalangin sa gabi. Sa gitna ng Kanyang pagdadalamhati, idinasal Niya ang isang awitin na maaaring una Niyang natutunan sa bahay. At hindi ito pabulong kundi pasigaw.

Sa puntong ito ng Kanyang pagkakapako, ang simpleng paghinga ay maaaring isang labis na pagpapahirap. Gayunpaman, pinilit Niya ang sarili na magsalita sa isang malakas na boses. Bakit? Siguro hindi ito para sa Kanya kundi para sa mga taong nakapalibot sa Kanya.

Siguro ito ay para sa atin.

Sa mga huling salita na ito, ipinakita ni Jesus ang pagsuko sa Diyos nang may pananalig at buong kapanatagan. Alam Niya na hindi pa tapos ang kwento. Habang umaalingawngaw ang mga salitang ito sa kasaysayan, nagpapatotoo ito sa mga nakakarinig, "Manalig kayo sa Akin, at makakatanggap kayo ng kasiguruhan kahit kaharap pa ang kamatayan. Malalaman ninyo na sigurado ang inyong walang hanggan."

Ngayong linggo, matapos nating pag-isipan ang mga salitang sinabi ni Jesus sa krus, naiintindihan natin na wala na Siya sa krus. Nakaupo na Siya sa kanang kamay ng Diyos sa langit, at ipinadala Niya ang Banal na Espiritu. Sa mga panahon ng pagdududa, ibinubulong sa atin ng Banal na Espiritu ang mga salita ni Jesus.

Kapag pakiramdam natin ay hindi mapapatawad ang ating mga kasalanan, maririnig natin, *"Ama, patawarin mo sila."*

Kapag pakiramdam natin ay nag-iisa tayo at walang kapamilya, maririnig natin, *"Babae, ituring mo siyang anak."*

Kapag pakiramdam natin ay hindi tayo sapat, maririnig natin, *"Tapos na."*

Kapag ang ating mga puso ay puno ng takot, maririnig natin, *"Ama, ipinagkakatiwala ko sa inyo ang aking espiritu!"*

Ang ating mga puso ay umaapaw sa papuri habang kinakanta ang mga kataga na sinulat ng isang bulag na manunulat na si Fanny Crosby: *"Blessed assurance, Jesus is mine!" (Pinagpalang Katiyakan, si Jesus ay Akin!)*

*Awit para sa Araw na Ito*

**ASSURANCE**

EVERY NATION MUSIC

## PAG-ISIPAN

Pag-isipan ang panahon na kinailangan mong manalig sa Diyos nang lubos kahit may takot ka o hindi ka sigurado. Paano hinubog ng karanasan na iyon ang pananampalataya mo?

## GAWIN

Maglakad ka sa isang mapayapang lugar at ituon ang iyong atensyon sa pagpapaubaya mo ng mga takot at pag-aalinlangan mo sa kamay ng Diyos. Habang naglalakad, bigkasin mo ang mga salita ni Jesus sa krus at hayaan mong magpaulit-ulit ito sa iyong puso.



*Ama sa langit,*

*Maraming salamat po sa ganap na sakripisyo ng Iyong Anak. Sa kahuli-hulihan Niyang paghinga, inihayag Niya ang Kanyang tiwala sa Inyo: "Ama, ipinagkakatiwala ko sa inyo ang aking espiritu!" Kapag humaharap kami sa mga pagsubok at pag-aalinlangan, sana'y pagkunan namin ng lakas at kasiguruhan ang mga salitang ito.*

*Ipinagkakatiwala namin ang aming mga buhay sa Inyong mga kamay. Tulungan po Ninyo kaming mamuhay araw-araw nang may buong pusong pagsuko tulad ng ipinakita sa amin ni Jesus. Nagtitiwala kami na may katiyakan sa Inyong mga kamay ang kinabukasan namin.*

*Panatag kami sa Iyong presensya dahil alam naming may katiyakan ang habambuhay namin sa Inyo.*

*Sa ngalan ni Jesus, Amen.*